VII-2 Cell Phone

Ang mobile phone o cellphone ay isang kombinyenteng klase ng telepono na maaaring dalhin kahit sa labas ng iyong tirahan o opisina. Ito ay maaaring magpadala at tumanggap ng mga mensahe at kahit e-mail. May mga klase din ng cellphone na makakapagpalit ng menu nito sa wikang ingles. Kadalasang mas mahal ang singil kung cellphone ang gagamitin kumpara sa ordinaryong telepono. Maaari ding makapag-internet gamit ang mobile phone (hiwalay na kontrata ang paggamit nito).

Maaaring makakuha ng kontrata sa linya ng mobile phone sa mga ahente ng mobile phone o sa mga tindahang nagtitinda nito (tulad ng electric appliances stores at iba pa).

Para magkaroon ng kontrata sa mobile phone, ipakita lamang ang mga dokumento ng pagkakakilanlan, pera para sa mobile phone, selyo o “hanko” at passbook o credit card.

Ito ang ilan sa mga nagbibigay ng serbisyo o linya ng mobile phone. Tawagan lamang sila para sa mga detalye tungkol sa kanilang serbisyo:

<Mga Kumpanya ng Mobile Phones>

	Numero ng Telepono	
NTT docomo	0120-005-50 (Customer Center sa ibat-ibang wika)	Oras: 9:00-20:00 Wika: English, Portuguese, Chinese, Spanish and Korean
	0120-800-000	URL http://www.nttdocomo.co.jp/
SoftBank	0088-21-2000 (toll free)	URL http://mb.softbank.jp/mb/ * Wikang Ingles (Oras :9:00-20:00) I-dial lamang ang “8”
au by KDDI	0077-7-111 (toll free)	URL http://www.au.kddi.com/